# Chapter One

Naubos na ni Ayana ang meriendang naihain sa kanya ng katulong na siyang tangi niyang naabutan sa malaking bahay ng mga Valencia.

Agad siyang tumayo at lumakad palapit sa pinto nang matanaw ang lalaki mula sa labas ng bintana.

"Ayana, bakit ka nandito?" gulat na sabi ni Drake pagkakita sa kanya. Magkaibigan ang mga magulang nila at matagal na silang magkakilala. Schoolmate din niya ito at kaklase ng kanyang Ate Carla.

Luminga siya sa paligid at nang makitang wala ang mga katulong ay dinuro niya ito. "How dare you para ipahiya ako nang ganoon?"

Natigilan ito at nagsalubong ang mga kilay. "Paano

kitang naipahiya?"

Naghalukipkip si Ayana at tinaasan ito ng isang kilay. "Tungkol sa video!"

Naitaas nito ang dalawang kamay. "Hey!" Tumigil ito sa pagsasalita at umaktong nag-iisip. "Anong video ba ang sinasabi mo? Iyon bang nangyari noong isang araw?"

"Oo," angil niya. "At lahat ng kaklase ko ay may kopya na ng video nating dalawa! It was edited at blurred ang mukha mo. In that video, hinahawakan mo ang dibdib ko, Drake, in slow motion! At hindi iyon mangyayari kung hindi mo ako nilapitan!"

Nagkibit-balikat ang lalaki. "Tinulungan lang kita na alisin ang gagamba sa blouse mo. Wala akong intensyon na…" Bumaba ang tingin nito sa dibdib niya. "Hindi naman kasi para sa iyo ang gagambang iyon; nagkataon lang na ikaw ang dumaan," paliwanag nito na parang sinisisi pa siya.

Noong isang araw lang nangyari na siya ang nabiktima ng barkada ni Drake. Mahilig gumawa ng mga pranks ang grupo nito sa mga kapwa estudyante. At recorded pa ng mga ito ang mga kasamaan. At hindi nakaligtas si Ayana sa mga ito.

Patungo siya noon sa library upang magsauli ng libro. Pababa siya sa hagdanan nang makita ang grupo ng binatilyo na nakatambay sa bench habang hawak ang cellphones ng mga ito.

Nang tawagin siya ni Drake ay hindi niya ito pinansin. Napasigaw na lang siya nang isang malaking gagampa ang nalaglag sa blouse niya. Halos maghisterya na siya habang inaalis iyon. Tumakbo ang lalaki palapit sa kanya at tinulungan siya na pagpagin iyon. Sa tingin nga niya ay mas nataranta pa ito sa kanya.

Di-sinasadyang nahawakan nito ang isa niyang dibdib. Dahil sa pagkapahiya ay malakas niya itong naitulak at saka siya nagtatakbo palayo sa nagtatawanan nitong mga kabarkada.

“Dapat hindi mo pinayagan ang mga kaibigan mo na gawin iyon,” muling angil ni Ayana.

“Sa tingin mo ba, papayagan kong mapahiya ka, Ayana?” napapailing nitong sabi. “Hindi ko alam na ganoon ang gagawin nila doon sa video. Ang akala ko nga ay binura na nila iyon.”

“Hindi n’yo dapat ginagawang katatawanan ang mga kaklase n’yo o kung sinuman,” naiiyak na sabi niya.

Malaki ang naging epekto sa kanya ng ginawa ng mga ito. Ang pakiramdam ni Ayana ay nabastos siya kahit pa obvious naman ang pagkaka-edit ng video. Pinagtawanan din siya ng mga kaklase.

Nilapitan siya ng binatilyo. “Sorry na. Huwag ka nang umiyak. Bukas din ay kakausapin ko ang barkada at kahit isa-isahin pa namin ang lahat ng estudyante

para burahin ang video sa mga cellphones nila ay gagawin ko."

Umatras siya. "Gawin mo, dahil kung hindi ay lalagyan ko ng pasa iyang mukha mo."

"Huwag naman, nag-promise na nga ako, di ba?" sabi nito at itinaas ang isang kamay.

"Diyan ka na nga," paalam niya.

"Ihahatid na kita, magbibihis lang ako."

Hinawakan niya ito sa braso upang pigilin ang pagtalikod nito. "Huwag mo na akong ihatid."

"Sigurado ka?"

Inalis ni Ayana ang kamay mula sa pagkakahawak dito. "Oo, 'bye."

Mabilis siyang lumabas ng pinto nang maramdaman ang pag-iinit ng mga pisngi niya. Nahiya siya sa ginawa niyang paghawak kay Drake. Nagdait ang mga balat nila at hindi niya mawari ang excitement niyang naramdaman.

Aaminin niyang may crush siya sa binatilyo, ngunit wala siyang pinagsasabihan ng tungkol doon. Maraming nagkakagusto rito sa school nila dahil kahit na nabansagan itong troublemaker ay matalino ito. Bukod pa sa matangkad ay guwapo rin si Drake. Kasali ito sa basketball team at sa tuwing maglalaro ito ay dumadagundong ang gym sa lakas ng tilian ng mga schoolmates niya. At minsan ay kasali si Ayana sa mga nakikitili kapag nakaka-shoot ito.

Subalit may gusto rin ang kapatid niya rito. Maganda ang kanyang Ate Carla at gaya ni Drake ay sikat din ito sa school. Close ang mga ito at madalas na mapagkamalan na mag-boyfriend. Bagay na bagay kasi ang mga ito.

Management ang course na kukunin ng kanyang kapatid at Civil Engineering naman ang kursong napili ni Drake at sa parehong university mag-aaral ang dalawa. Sigurado siyang mas maraming babae ang magkakagusto sa lalaki sa oras na tumuntong na ito sa college. Sa kapatid nga lang ay nagseselos na siya, paano pa kaya kung napakaraming lumapit dito na ibang babae?

Nasa elementary sila noon ng kapatid nang lumipat ang pamilya ni Drake sa subdivision nila at dahil ang daddy niya ang presidente ng homeowners association, sila ang unang pamilya na nag-welcome sa mga ito. Agad na naging kaibigan nila si Drake na noon ay magta-transfer na rin sa kanilang school.

Matanda ito sa kanya ng isang taon at kaedad nito ang nakatatanda niyang kapatid, kaya higit na naging close ang mga ito. At habang tumatagal na nakakasama ni Ayana ang binatilyo ay lalong lumalalim ang paghanga niya rito. Ngunit napansin din niyang nagkakagusto na rin ang kapatid kay Drake, kaya naman mas pinili niyang lumayo sa kaibigan.

Nahiling na lang niya na sana ay maglaho na lang

basta ang kung anumang nadarama niya para sa lalaki. Kung hindi nga lang dahil sa video ay hindi niya ito kakausapin.

Nagtuloy si Ayana sa canteen kung saan naghihintay ang mga kaklase niyang sina Michelle at Joyce. Best friends niya ang mga ito simula pa noong first year high school sila. Napailing na lang siya nang maabutan niyang nag-aasaran ang dalawa.

"Ano'ng pinag-aawayan n'yo?" tanong niya sa mga ito nang makaupo siya. Binuksan niya ang lunchbox na dala.

"Paano kasi itong si Michelle, ayaw ipasilip sa akin ang assignment niya sa Algebra," paismid na sagot ni Joyce.

Inilabas ni Michelle ang dila nito. "Ang hirap kaya ng equation na iyon 'tapos kokopyahin mo lang? Pinagpuyatan ko iyon."

Sa kanilang tatlo ay ito ang pinakamatalino at sa katunayan ay lagi itong pambato ng school nila sa mga academic competitions.

Napangiti siya at tumingin kay Joyce. "Iyong akin na lang ang kopyahin mo."

"Thank you, Ayana! Buti ka pa, hindi ka maramot," sabi ni Joyce at binalikan ang pagkain nito.

"Mag-aral ka kasi," ani Michelle at inismiran ang

kaibigan. Tinawanan na lamang niya ang dalawa.

Sinimulang kainin ni Ayana ang kanyang tanghalian. Magkakasunod na malalaking subo ang ginawa niya dahil sa matinding gutom. Sa muli niyang pagsubo ay nasalubong niya ang tingin ni Drake. Nahihiyang naitikom niya ang bibig at para namang nanadya pa ito at napili nitong maupo sa katapat nilang table kasama ng mga kaibigan nito. Nakangisi ito at alam niyang nakita nito ang kanyang katakawan.

Tiningnan niya ito nang masama, ngunit nagdahan-dahan naman siya sa ginawang pagnguya.

“Uuy, pa-demure,” sabi ni Michelle at siniko siya. Napansin din nito si Drake at ang barkada nito. “Nandiyan lang si Drake, eh.”

Tiningnan niya rin ito nang masama. “Tumigil ka!”

“Nakausap mo na ba siya tungkol sa video?” Si Joyce na sinulyapan ang binatilyo na noon ay nagsisimula na ring kumain.

Tumango siya. “Nag-sorry na si Drake sa akin. Hindi naman niya alam na nai-edit ng mga kaibigan niya iyong video.”

“I knew it, hindi talaga kayang gawin iyon sa iyo ni Drake,” kinikilig na sabi nito.

“Kahit na, ano! May kasalanan pa rin siya,” natatawang sabad ni Michelle.

“Bakit ba kontrang-kontra ka kay Drake, ha?”

tanong ni Joyce.

"Mas bagay si Jason kay Ayana. At maraming karibal si Ayana diyan kay Drake," sagot nito.

"So what? Bagay si Ayana kay Drake dahil magkaibigan ang mga pamilya nila," katuwiran ni Joyce.

"Manahimik na lang kayong dalawa. Five minutes na lang ang break at hindi pa kayo nakakain nang maayos," saway ni Ayana.

"Hay naku, umiiwas na naman!" dismayadong turan ni Joyce. "Lagi ka na lang ganyan, Ayana. Kapag nababanggit si Drake ay iniiba mo ang usapan."

Akma siyang sasagot nang makita ang kapatid na lumapit sa binatilyo. Ang dala nitong soft drink ay ibinigay kay Drake na nakangiting tinanggap naman nito. Nagtabi ang mga ito at saka nagbulungan.

"Dahil sa ate mo, ano? Obvious na may gusto siya kay Drake," sabi ni Michelle.

"Oo nga," segunda ni Joyce.

"Bata pa tayo para sa mga ganyan," aniya at naitabi ang lunch. Nawalan na siya ng ganang ipagpatuloy ang pagkain.

Nang tumayo siya at naglakad palabas ng canteen ay agad na sumunod sa kanya ang dalawang kaibigan.

Pagkatapos ng klase ay nagtuloy si Ayana sa library upang humiram ng libro. Bago kasi ang Christmas break ay may exams pa sila. Pinagsisikapan niyang

tumaas ang grades niya upang kagiliwan naman siya ng ina. Hindi iyong lagi na lang ang kapatid niya ang napupuri nito.

Habang sinisipat ang isang libro sa History ay naramdaman niyang may nakatingin sa kanya. Tumunghay siya at nakita niya si Drake na nakasandal sa bookshelf.

"May hinahanap ka bang libro?"

Umiling ito at nakangiting lumapit sa kanya. Kinuha nito ang librong hawak niya. "Babasahin mo ito? Pang-college na ito, ah."

Binawi niya ang libro at naibalik sa bookshelf. "Tinitingnan ko lang dahil nagandahan ako sa cover."

Marahan itong tumawa. "Ang akala ko pa naman ay babasahin mo."

Muli niyang kinuha ang libro at naisama sa mga librong napili na niya. "Actually, babasahin ko talaga ito."

"Talaga?" Bakas ang amusement sa mga mata nito.

Tinaasan niya ito ng isang kilay. "Bakit? Ano ba'ng akala mo sa akin? Hindi marunong mag-aral?" Tinalikuran ni Ayana ang kausap at nang maabutan siya ay inakbayan siya nito. Bigla ang pagbulusok ng kaba na may kaunting tuwa sa dibdib niya.

"Ikaw naman, hindi ka na mabiro." Kinurot nito ang pisngi niya. "Gusto mo ba ng ice cream? Treat ko."

Lumayo siya rito nang ilang estudyante na ang

napapatingin sa kanila. “Hindi ako p’wede, Drake,” pabulong niyang tanggi.

“Galit ka pa rin ba sa akin dahil sa video?”

“Hindi ako galit pero naiinis lang ako dahil may tumutukso pa rin sa akin,” malungkot na sabi niya.

“Hey, gagawin ko ang naipangako ko,” malambing na saad nito at halos idikit na ang mukha sa kanya. “Come on, mag-ice cream na tayo.”

Napaatras si Ayana. “Hindi ako p’wede. Huwag ka nang makulit,” aniya at mabilis na lumapit sa table ng naghihintay na librarian.

Nang sulyapan niya si Drake ay nakatiim ang mukha nito habang palabas ng library. Gusto niyang sumama rito, ngunit natatakot siya sa kanyang kapatid. Baka mahalata nito ang pagtingin niya sa binatilyo.

Nang huling araw ng klase bago ang Christmas break ay natanaw ni Ayana si Drake kasama ng mga kaibigan nito. Mabait na kinakausap nito ang mga estudyanteng makakasalubong at pinapakiusapan na burahin ang video. Ilang araw na rin nito iyong ginagawa mula nang mag-usap sila sa library.

Napangiti siya. Tumupad sa pangako nito ang binatilyo at sana lang ay tuluyan nang makalimutan ng schoolmates niya ang tungkol doon.

Mabilis na lumipas ang maghapon. Naglalakad

na siya sa hallway para umuwi nang may tumawag sa kanya.

Patakbong lumapit si Michelle sa kanya. “Ipinapabigay sa iyo ni Jason.” Nanunukso ang tinig nito. Isang pink na sobre ang dinukot nito sa bulsa at iniabot sa kanya.

“Ano ito?”

“Love letter. Ano’ng akala mo, report card?” biro nito.

“Bakit ako bibigyan ni Jason ng love letter?” Nanatili siyang nakatitig sa sobre.

“Eh, bakit nga ba? Sinabi ko naman sa iyo na gusto ka niya. At tama ang hinala ko dahil nilapitan niya ako kanina at sinabing ibigay ko iyan sa iyo,” kinikilig nitong sabi.

Naipulupot ng kaibigan ang braso nito sa braso niya at hinila siya palakad. “Let’s go, sa bahay mo na lang iyan basahin nang malaman mo kung ano ang nakasulat.”

Napabuntong-hininga na lamang si Ayana at ibinulsa ang sobre. Hindi niya alam na may gusto si Jason sa kanya. Guwapo ito at mabait ngunit hindi niya ito napapansin dahil si Drake lang ang nakikita ng mga mata niya.

Hindi niya alam ang dapat na maging reaksyon gayong itinuring niyang mabuting kaklase ito at hindi kung ano pa man.

"O, Ayana, Michelle, uuwi na ba kayong dalawa?" salubong ng kaklase nilang si Joyce. Saktong palabas ito ng comfort room nang mapadaan sila.

"Oo, bakit?" ani Michelle.

"May usapan ba tayong lakad ngayon?" tanong niya.

Umiling ito. "Gusto n'yo bang manood tayo ng sine? Matagal din tayong hindi magkikita dahil sa Christmas break."

"Okay lang sa akin," aniya at tumingin kay Michelle. "Ikaw?"

"Ano naman ang papanoorin natin?" tila naiinis na tanong nito.

"Maraming bagong movies ngayon," sagot ni Joyce. Umikot ito sa tabi niya at sumabay sa kanila ni Michelle sa paglakad. "Mamili na lang tayo."

"Ayos ka din na magyaya. Biglaan," mataray na sabi ni Michelle sa kaibigan.

"Shut up, Michelle," sagot ni Joyce at tumingin sa kanya. "I'm just doing this for a friend."

Napakunot ang noo niya. "Ha?"

Tumawa ang kaibigan. Nagtataka na lang silang tumingin dito ni Michelle.

Pagdating sa mall ay maraming estudyante na galing sa iba't ibang school ang namamasyal. Dumiretso sila sa sinehan at ganoon din ang nadatnan nila. Napili nilang panoorin ang bagong pelikula ni

Jennifer Lawrence.

Habang nakapila sila para bumili ng ticket ay may biglang humila ng kamay niya. “Drake!”

“Nandito din pala kayo,” nakangiting sabi nito.

Hinila niya ang kamay at tumingin sa likuran nito. Agad na hinanap niya ang kanyang Ate Carla. “Nasaan ang mga kaibigan mo?”

“Pumasok na sila kanina pa,” sagot nito at tumingin kina Joyce at Michelle. “Pumasok na kayo, naibili ko na kayo ng tickets.”

Nagngitian ang dalawa at kinuha ang tickets na iniabot ng binatilyo. “Mauna na kami sa inyo,” ani Joyce na noon ay nakangisi.

“Teka, isabay na natin si Ayana,” awat ni Michelle. “Baka hindi niya tayo makita sa loob.”

“Hindi na. Si Drake na ang kasama niya.” Hinila na ni Joyce ang kaibigan patungo sa loob ng sinehan.

Nabibiglang naiwan si Ayana sa tabi ng binatilyo. “Kasama mo ba ang Ate?”

“Hindi.”

Nakahinga siya nang maluwag. “Ano pa’ng hinihintay natin? Tayo na sa loob.” Akmang lalakad na siya papasok ng sinehan nang pigilan siya nito sa braso. “Bakit?”

Napakamot ito ng ulo. “P’wede bang huwag na tayong manood? Gusto mo bang kumain na lang?”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Nagpunta kami

dito para manood ng sine at hindi ako gutom, Drake."

"May kailangan lang akong sabihin sa iyo," tila nagmamakaawang sabi nito. "Bakit ba lagi ka na lang umiiwas sa akin? Hindi ka naman dating ganyan."

Naghalukipkip siya. Nagkunwari siyang nababagot upang itago ang kabang nararamdaman nang mga oras na iyon. "Ano ba ang sasabihin mo? Sabihin mo na ngayon bago tayo pumasok."

"Kumain muna tayo, nagugutom na ako." Hinila ng lalaki ang kamay niya.

Nagpatianod na lamang si Ayana rito hanggang sa makarating sila sa isang restaurant sa loob din ng mall.

Nang nakaupo na sila ay nag-order ito sa waiter na lumapit sa kanila. "May pambayad ka ba dito?" bulong niya sa kasama. Napansin niya kasi na mukhang mamahalin ang restaurant na pinuntahan nila.

"Member kami dito, Ayana. Huwag kang mag-alala," natatawang sabi nito.

"Malay ko ba, baka mamaya niyan wala ka palang dalang pambayad," mahaba niyang tugon at saka ito inismiran.

Nakangiting napailing na lang si Drake at ipinagpatuloy ang pagbibigay sa waiter ng kanilang order. Nakatingin lang siya rito. Nang umalis ang waiter ay humarap ito sa kanya at nagtama ang kanilang mga mata.

Gumuhit ang isang alanganing ngiti sa mga labi

niya. “Ano ba iyong sasabihin mo?”

“I’m sorry ulit dahil pinagtawanan ka ng buong school dahil doon sa video,” anito na nakatitig lang sa kanya. “Alam ko, malaki ang naging epekto niyon sa iyo.”

Nagkibit siya ng balikat. “Baka kung saang website na na-upload ang video,” saad niya, naaawa sa sarili.

Nailang siya sa tingin ng kausap, kaya naibaling niya ang mga mata sa ibang direksyon.

Nang tumunog ang kanyang cellphone ay kinuha niya iyon sa bulsa. Napasama ang sulat ni Jason na dinampot naman ni Drake.

“Akin na iyan.” Binalak niyang bawiin iyon ngunit mabilis na naiiwas nito ang kamay.

“Ano ito?” nakangising tanong nito. “Love letter?”

“Ibalik mo sa akin iyan, Drake,” may diin niyang sabi.

“Galing ito kay Jason?” paniniguro ng binatilyo habang nanatili nitong hawak ang sulat.

“Para sa akin iyan kaya ibigay mo na,” mataray na sagot niya.

“Ako na ang magbabasa para sa iyo.”

Sa gulat niya ay bigla nitong binuksan ang sulat. “Drake!” Tinangka niya iyong muling kunin ngunit agad nito iyong naiiwas.

Nang may ilang customers na napatingin sa kanila ay pinilit niyang kumalma. Pinabayaan na lang niya

ang binatilyo sa gusto nitong gawin. Nagsasalubong ang mga kilay nito habang nagbabasa.

"Nagpapaligaw ka na, Ayana?" manghang tanong nito nang humarap sa kanya.

"Hindi ako nagpapaligaw. Naibigay lang iyan sa akin ni Michelle kanina sa school."

Sandaling hindi kumibo si Drake. Nakatingin lang ito sa kanya at kapagkuwan ay napangiti. "I'm glad na hindi ka pa nagpapaligaw."

Napatitig siya rito. Nakita ni Ayana ang pagkislap ng mga mata nito sa pagkakatingin sa kanya.

Ito ngayon ang nagbaba ng tingin. "Bata ka pa para magka-boyfriend."

"I'm fifteen," patuya niyang sabi. "Hindi na iyon bata."

Marahan itong tumawa. "I want you to promise na hindi ka magpapaligaw sa iba."

"At bakit ko naman iyon gagawin?"

"Dahil gusto ko ay *ako* lang ang manliligaw sa iyo."

"A-ano?" Hindi makapaniwala si Ayana sa narinig. Nabibingi na yata siya.

"Next school year ay hindi na kita mababantayan sa mga magtatangkang manligaw sa iyo. I also have to concentrate on my studies at maaaring hindi tayo magkita palagi. But can you promise me na hindi ka magkakagusto sa iba?" nakangiting tanong nito.

"Nagbibiro ka ba?"

Hindi niya alam kung ano ang pinagsasabi ng kaibigan. O maaaring alam niya, pero hindi niya lang iyon kayang isipin. Hindi siya makapaniwala sa mga lumabas sa bibig nito.

"Ayana, I like you. Noon pa man ay ikaw na ang gusto ko. Kapag nakatapos na ako ng pag-aaral ay liligawan kita and I want you to wait for me."

Nanatiling nakatanga si Ayana at walang maapuhap na sabihin. Bumilis ang tibok ng puso niya nang hawakan ni Drake ang kamay niya. Nawalan siya ng lakas na bawiin iyon.

"I-isa na naman ba ito sa mga joke mo?" Naiilang na tumawa siya.

"I'm serious, Ayana. I've never felt this way with anyone."